ANG APOY MULA SA MGA BIGKIS NG PALAY

Ang kwentong ito ni T. Nakai batay sa aklat na “Living God” ni L. Hearn ay inilimbag sa isang pampaaralang aklat na inaprubahan ng Japanese Ministry of Education mula 1937 hanggang 1946. Ang nasabing kwento ay nakilala sa pagsagip ng mga buhay noong panahon ng malalakas na alon o ‘tsunami’ sa bansang Hapon, taong 1944 at 1946.

“Hindi ito karaniwan”, bulong ni Gohei sa kanyang sarili habang siya ay palabas ng kanyang tahanan. Hindi gaanong malakas ang lindol, subalit ang matagal at mabagal na pagyanig ng lupa ay hindi katulad ng kanyang mga naramdaman dati. Ang mga pagyanig ay tila nagbabanta.

Dama ang pag-aalala, tumingin siya pababa sa baryo mula sa kanyang hardin. Lubhang abala ang mga taga-baryo sa paghahanda para sa pagdiriwang ng ‘Panahon ng Anihan’ at hindi na nila napansin ang lindol.

Nang muling ibaling ang kanyang paningin sa karagatan, natulala si Gohei sa kanyang nasaksihan. Ang mga alon ay umaatras pabalik sa dagat at hindi umaayon sa direksyon ng ihip ng hangin. Sumunod dito ang biglang paglitaw ng mga bato at buhangin sa tabing dagat.

“Diyos ko! Ito marahil ay isang ‘tsunami’.”, isip ni Gohei. Kapag hindi siya kaagad kumilos, masasawi ang apat na daang mga tao sa baryo. Hindi na siya mapalagay. Ano kaya ang maaari niyang gawin? Hindi na maaaring mag-aksaya pa ng oras.

“Tama!”, sigaw niya at nagmamadaling pumasok sa kanyang bahay. Sa ilang saglit ay tumakbo siya palabas ng bahay dala ang isang malaking sulo na gawa sa kahoy. Sa labas ay may patong-patong na mga tuyong dahon ng palay, nakalatag at handa na para ipunin.

“Sayang at kahiya-hiya kong susunugin ko ang mga ito. Subalit sa ganitong paraan, maaaring masagip ko ang mga buhay ng aking mga kabaryo.” Dagliang sinindihan ni Gohei ang isa sa mga bigkis ng palay. Sa ilang sandali lamang ay mabilis na lumaki ang apoy sa tulong na rin ng malakas na ihip ng hangin. Nagmamadali siyang tumakbo sa iba pang mga bigkis upang sindihan din ang mga ito. Nang matapos niyang sindihan lahat, pinatay na ni Gohei ang apoy sa kanyang sulo.

Habang balisa sa mga pangyayari, si Gohei ay nanatiling nakatayo at tumingin sa laot. Nakababa na ang araw at dumidilim na ang kapaligiran. Tumaas ang apoy ng mga bigkis ng palay hanggang sa mga ulap. Mula sa baryo ay may nakakita ng malaking apoy at pinatunog ang kampana ng templo sa bundok.

“Sunog! Sa may bahay ng don!” Sumigaw ang mga binata at nagmadaling tumakbo paakyat sa burol. Ang mga matatanda, babae, at bata ay sumunod sa mga binata. Para kay Gohei na nasa itaas ng burol, ang pagtakbo nila ay maikukumpara sa mabagal na paglakad ng mga langgam. Siya ay nag-alala.

Sa wakas may mga dalawampung binata ang nakarating sa kanyang kinalalagayan upang patayin ang apoy. “Hayaan ninyo ang apoy! Magkakaroon ng sakuna. Dalhin ninyong lahat ng mga taga-baryo dito,” malakas na sigaw ni Gohei. Isa-isang dumating ang mga taga-baryo. Binilang niya ang bawat matanda at batang lalaki at babaeng dumarating. Ang mga tao ay nakatitig lamang sa umaapoy na mga bigkis ng palay at kay Gohei.

Sumigaw si Gohei ng buong lakas. “Tumingin kayo doon! Papalapit na!” Tumingin sila sa makulimlim na langit kung saan may itinuro si Gohei. Sa dulo ng dagat, may nakita silang manipis at maitim na linya. Sa kanilang panonood, ang linya ay lumalapad at kumakapal at mabilis na papalapit sa tabing dagat.

“Isang tsunami!”, iyak ng mga taga-kabaryo. Sa maikling oras na dumaan, nakita na nila ang malalaking alon sa kanilang harapan na kasing-taas ng bangin. Sa pagbagsak ng rumaragasang alon sa tabing dagat, naramdaman ng mga taga-baryo na tila nabagsakan sila ng isang bundok. Kasabay nito ang ingay na katulad ng pinagsabay-sabay na ilang daang kulog at kidlat.

Napatalon ang mga tao pabalik mula sa kanilang kinatatayuan. Sa ilang saglit lamang ay wala silang makita kung hindi ang mala-ulap na hamog na bumabalot sa burol, dulot ng nagsasalpukang mga alon. Pagkatapos nito ay nasaksihan na nila ang matinding pagsalpok ng nakakatakot na tubig sa kanilang mga tahanan. Pabalik-balik ang tubig at umulit ang pagsalpok ng mga alon ng dalawa o tatlong beses.

Nagkaroon ng katahimikan sa burol ng ilang saglit. Nalungkot ang mga tao sa kanilang nakita. Ang kanilang mga tahanan ay biglang naglaho. Ang ilan ay nawasak na ng malalakas na mga alon. Ang apoy mula sa mga bigkis ng palay ay muling lumakas dahil sa malakas na ihip ng hangin. Unti-unting lumiwanag ang kapaligiran. Nahimasmasan na ang mga tao at naisip na sila’y nasagip ng umaapoy na mga bigkis ng palay. Sa sandaling ito, muling bumalot ang katahimikan habang sila’y mataimtim na lumuhod sa harap ni Gohei.